# MODYUL 2
# KASAYSAYAN NG WIKANG FILIPINO

## PANIMULA

**Mabuhay!** Matapos mong pag-aralan sa unang modyul ang mga batayang konsepto sa wikang Filipino handa ka na sa susunod na modyul tungkol sa kasaysayan ng wikang Filipino**.** Mahalagang matutunan mo kung paano nagsimula ang wikang Filipino batay sa Tagalog, naging Pilipino at ngayon ay kinikilala na Filipino.

Pag-uusapan natin sa modyul na ito ang kasaysayan ng wikang Filipino:

1. bilang wikang pambansa,
2. bilang wikang panturo, at
3. bilang wikang opisyal

## MGA LAYUNIN SA PAGKATUTO

Matapos ang modyul na ito, inaasahan na ikaw ay:

1. Makakapagpaliwanag tungkol sa kahulugan at kahalagahan ng wikang Filipino;
2. Makakagawa ng balangkas ng mahahalagang pangyayari sa kasaysayan ng wikang Filipino, at;
3. Matutukoy ang kabuluhan at gamit ng wikang Filipino sa pang-araw-araw at iba pang gawaing panlipunan.

**1. Bilang wikang pambansa**

Isang bansang binubuo ng maraming pulo ang Pilipinas na maraming wikang katutubo. Nagbigay ito ng magandang pagkakataon sa mga mananaliksik at linguist na pag-aralan ang iba't ibang pangkat etnolinguwistiko ng bansa upang maibahagi nila sa atin ang pag-unlad ng ating wika.

Bago pa ang panahon ng pananakop o kolonisasyon, walang wikang pambansa. Ang wika ng mga katutubo sa mga rehiyon ang siyang ginagamit ng bawat pangkat o tribu sa bansa.

Sa panahon ng kolonisasyon, walang wikang pambansa na ipinatupad ang mga Kastila. Sa mga tala ng kasaysayan, ang mga misyonerong mga prayle ang nangahas na mag-aral ng mga wikang katutubo ng bansa. Bernakular ang tawag nila dito. Hindi nila binigyan ng pagkakataon ang mga Pilipino na pag-aralan ang Kastila sa kung ano mang dahilan, sa mga tala sa kasaysayan, takot ang mga Kastila na matuto ang mga Pilipino ng kanilang wika.

Sa panahon ng pananakop ng mga Amerikano, tinangka nilang Ingles ang maging pambansang lingua franca. Di ito naging matagumpay sa dahilang hindi wikang kinagisnan o wika ng dila ng mga Pilipino ang Ingles.

Naging laganap ang paggamit ng mga katutubong wika. Walong pangunahing wika ng bansa ang naging lingua franca ng mga lalawigan sa bansa. Sa mga rehiyon ng

Tagalog, Iloko, Kapampangan, Pangasinense, Sebuwano, Ilonggo, Waray at Bikol ang wika na ito ang wika sa mga panulat at talastasan ng mga tao. Tagalog ang wikang ginagamit ng Katipunan at ng rebolusyon noong huling bahagi ng 1890's.

Napapaloob sa Konstitusyon ng Pilipinas ang pagbabagtas sa mga mahalagang pangyayari kung paano kinilala ang Filipino bilang wikang pambansa. Simula sa Konstitusyon ng 1935, 1973 at 1987.

Sa Saligang Batas noong 1935, Seksyon 3, Artikulo XIV…"Ang Kongreso ay gagawa ng mga hakbang tungo sa pagpapaunlad at pagpatibay ng isang wikang pambansa na batay sa isa sa mga umiiral na katutubong wika."

Dahil sa probisyong ito, itinatag ni Pangulong Maanuel Luis Quezon ang Surian ng Wikang Pambansa sa pamamagitan ng Batas Komonwealth bilang 184--na siyang mamumuno sa pag-aaral sa pagpili ng wikang pambansa. Tungkulin din nito ang magsagawa ng pananaliksik, gabay at alituntunin na magiging batayan sa pagpili ng wikang pambansa ng Pilipinas. Ang komiteng pinangungunahan ni Jaime C. de Veyra ang pumili na ang Tagalog bilang batayan ng wikang pambansa. Ipinalabas noong 1937 ng Pangulong Quezon ang Kautusang Tagapagpaganap bilang 134—na nag-aatas na Tagalog ang batayan ng wikang gagamitin sa pagbubuo ng wikang pambansa. Pinagtibay ng Batas Komonwealth Blg. 570 na ang wikang pambansa ay magiging isa sa mga wikang opisyal ng Pilipinas simula sa Hulyo 4, 1940. Nagpalabas si Kalihim Jose E. Romero ng Kagawaran ng Edukasyon ng Kautusang Pangkagawaran Blg. 7

noong Agosto 13,1959 na nagsasaad na kailanma't tukuyin ang wikang pambansa, ang salitang Pilipino ang gagamitin.

Sa Saligang Batas ng 1973, Artikulo XV, Seksyon 2 at 3—"Ang Batasang Pambansa ay magsasagawa ng mga hakbang tungo sa pagpapaunlad at pormal na paggamit ng pambansang wikang Pilipino at hangga't hindi binabago ang batas, ang Ingles at Pilipino ang mananatiling mga wikang opisyal ng Pilipinas.

Kinilala ng Konstitusyong 1987 ang Filipino bilang pambansang wika ng Pilipinas. Nasa Artikulo XIV, Seksyon 6 –"Ang wikang pambansa ng Pilipinas ay Filipino. Habang ito'y nabubuo, patuloy itong pauunlarin at payayabungin base sa mga umiiral na wika at iba pang wika sa bansa. " Yamang Filipino ang ating wikang pambansa, sa wikang ito tinatalakay ang mga bagay-bagay ukol sa bansa at ito rin ang wikang ginagamit at gagamitin ng ating kapwa Filipino.

---

**Gawain 1 (1 Oras)**

Balangkasin ang mga mahalagang pangyayari sa pagtahak ng Filipino para maging Wikang Pambansa, wikang panturo at opisyal na wika. Punan ang mga espasyo sa kahon. Magdagdag ng karagdagang papel kung kulang ang espasyo ng kahon sa ibaba.

| WIKANG PAMBANSA | WIKANG PANTURO | WIKANG OPISYAL |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |

**2. Bilang wikang panturo**

Bago ang panahon ng pananakop, walang wikang panturo. Kung ano ang wika ng mga grupo o tribu ng tao, ay ang kanilang wika sa pagkatuto.

Sa pagpasok ng mga mananakop, wikang katutubo ang wikang ipinairal sa pagtuturo. Iilan lamang ang natutong gumamit ng Kastila sa pagtuturo at iilan din namang mga Pilipino ang nagsumikap na mag-aral ng wikang Espanyol sa mga kolehiyo at paaralan sa bansa.

Bilang panapat ng mga Katipunero, Tagalog ang kanilang wikang ginamit sa pagtuturo at pagkatuto.

Sa panahon, ng Komonwelt, Ingles at Tagalog ang opisyal na wika sa pagtuturo. Sa mga ginawang pag-aaral, hindi nagtagumpay ang Ingles na maging wikang panturo dahil naging mabagal ang pagkatuto ng mga kabataan sa sabay na pag-aaral ng leksiyon sa Ingles at Pilipino sa ulat ng Monroe Commission.

Ingles, Espanyol at Tagalog ang wikang panturo at katutubong wika sa panimulang antas ang ginagamit. Noong 1973, Ingles at Pilipino ang wikang panturo at katutubong wika naman sa unang antas.

Opisyal na wikang panturo ang Filipino. Hunyo 21, 1978, nilagdaan ng Ministro ng Edukasyon at Kultura, Juan Manuel ang Kautusang Pangministri Blg. 22 na nag-uutos na isama ang Pilipino sa lahat ng kurikulum na pangdalubhasang antas. Pinasimulan ang pagtuturo ng wikang pambansa sa mga paaralang pampubliko at pampribado sa buong bansa. Sa Artikulo XIV, Sekyon 7 ng 1987 Konstitusyon…"Ukol sa mga layunin ng komunikasyon at pagtuturo, ang mga opisyal na wika ng Pilipinas ay Filipino at hangga't walang ibang itinakda ang batas, Ingles. " Mabisa ito sa pagtuturo at pagkatuto ng mga estudyante at nilalayon nitong: 1. Mapabilis ang pagkatuto ng mga mag-aaral, 2. Maitaaas ang antas ng literasi ng mga Filipino at 3. Malinang ang kaisipang siyentipiko at teknikal tungo sa pagpapahalagang Filipino.

---

**Gawain 2(3-6 na Oras)**

Bilang iskolar ng bayan paano mo pahahalagahan ang paggamit ng Filipino bilang wikang panturo sa iyong sariling displina? Gumawa ng maikling pagsusuri sa gamit ng Filipino bilang wikang panturo sa inyong klase at sa ibang unibersidad sa inyong lugar.

| |
|---|
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |

**3.Bilang wikang opisyal**

Walang wikang opisyal bago pa man ang panahon ng pananakop. Sa halip, wikang katutubo ang ginagamit ng mga katutubong Pilipino sa kani-kanilang mga gruppng etnolinggwistikong kinabibilangan.

Sa kolonyal na panahon ng Pilipinas, Espanyol ang opisyal na wika sa panahon ng Kastila. Wikang Espanyol ang gamit sa pamahalaan sa panahon ng kanilang pananakop dahil mga Espanyol ang bumubuo ng pamahalaan.

Sa Saligang Batas ng Biyak na Bato (1896)"Ang wikang Tagalog ang magiging opisyal na wika ng Pilipinas. Wikang Ingles at Espanyol sa panahon ng Amerikano at Tagalog naman sa panahon ng Hapon. Taong 1946, Ingles, Espanyol at Tagalog ang humaliling opisyal na wika sa komunikasyon ngunit bigo ito dahil hindi tagumpay na naipatupad.

Marso 27, 1968, nilagdaan ni Kalihim Tagapagpaganap Rafael Salas ang Memorandum Sirkular Blg. 96 na nag-aatas ng paggamit ng Pilipino sa mga opisyal na komunikasyon sa mga transaksyon ng pamahalaan.

Ang Saligang Batas ng 1973, Artikulo 2 at 3 nagpapahayag na" Ang Batasang Pambansa ay gagawa ng mga hakbang tungo sa pagpapaunlad at pormal na paggamit ng pambansang wikang Pilipino at hangga't hindi binabago ang batas, ang Ingles at Pilipino ang mananatiling mga wikang opisyal ng Pilipinas.

Sa 1987 Konstitusyon, Ingles din at Filipino ang wikang opisyal sa komunikasyon. Dagdag pa, sinuportahan din ito ng Kautusang Tagapagpaganap Blg. 335 noong 1988.

Sa paggamit ng wikang Filipino sa opisyal na komunikasyon, mauunawaan ng mga mamamayan ang mga pinag-uusapan ng mga lider ng bansa. Madaling maintindihan ang mga batas na bilabalangkas ng ating mga mambabatas at higit sa lahat maaari tayong lumahok sa mga pambansang talakayan.

---

**Gawain 3(1 oras)**

Sa kahon sa ibaba, ilista ang mga gawain o pangyayari kung saan ginagamit o gagamitin ang Filipino bilang wikang opisyal sa komunikasyon.

| |
|---|
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |

| |
|---|
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |
| |

**PANGWAKAS**

Sa modyul na ito, natutunan mo na ang wikang Filipino ang wikang Pambansa na kinilala ng Konstitusyong 1987. Wikang panturo din ito sa mga asignatura sa kolehiyo at wikang opisyal na ginagamit sa mga opisyal na pag-uusap, talakayan at pakikipag-ugnayang pambansa ng mga ahensiya at instrumentalidad ng pamahalaan.

Natunton mo sa balangkas ang mga mahahalagang pangyayari na tinahak ng Filipino bilang wikang pambansa, wikang panturo at wikang opisyal, sa iba't ibang bersiyon ng ating Saligang Batas at batay na din sa mga panyayari sa kasaysayan ng wika.

Naipakita mo ang kaibahan ng Filipino bilang wikang pambansa, wikang panturo, at wikang opisyal. Ibinahagi din ng modyul sa iyo ang gabay kung paano simulan ang pananaliksik sa pagtunton ng mga mahalagang pangyayari sa pag-unlad ng wikang Filipino bilang wikang pambansa.

**SANGGUNIAN**


Atienza, Monico M. Kilusang Pambansa-demokratiko sa Wika.Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino. 1992.

Conant, Carlos Everett. The Pepet Law in Philippine Languages:Chicago, USA. University of Chicago Press. 1913

Orara, Jovita H. Ang Papel ng Unibersidad ng Pilipinas sa Kilusan para sa Wikang Pambansa (1908-1973). Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino. 1993

Paz, Consuelo J. Filipino Atin Ito. Quezon City: Sentro ng Wikang Filipino.1995

Rubin-Tiamson, Ligaya, et.al. Kasaysayan at Pag-unlad ng Wikang Pambansa ng Pilipinas. Manila: Rex Book Store, 2008.

Saligang Batas ng Biyak na Bato (1896)

Konstitusyon ng Republika ng Pilipinas, 1935, 1973, 1987